
MAIL PERMIT NO. 2C-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

ISSN:2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 4 Blg.39 | Pebrero 3-9, 2020 | P10.00




# NENE, PATAY SA PALO NI TATAY?

p.2

## PARKING LOT NG KILALANG MALL SA CAVITE, TRANSAKSIYON NG DROGA?

p.4

## TAMANG HINALA SI LALAKI, DINALE NG JUNGLE BOLO NI BABAE

pahina 12




Shop 'til you drop! SM City Rosario's 3-Day is back on February 14 – 16. Get up to 70% off on great finds from participating stores. Plus, get the chance to bring home 1 of 3 Suzuki Skydrive Sport!Follow @smcityrosario on Facebook for more details.

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# NENE, PATAY SA PALO NI TATAY?

**PATAY ang isang 5-anyos na batang babae nang hindi nakayanan ang mga palo mula sa kanyang ama nang tumaggi itong kumain sa Trece Martires City, Cavite.**

Hindi na umabot ng buhay sa Gen. Emilio Aguinaldo Hospital ang biktimang si Leslie, Kindergarden student, habang inaresto naman ang kanyang amang si Judilou Diosa , 25, helper mechanic, at kapwa residente ng Purok 2, Brgy Osorio , Trece Martires City.

Sa ulat ni PMSgt Richard Chavez, ng Trece Martires Police Station, limang araw ng hindi pumapasok sa kanilang eskuwelahan ang bata dahil nilalagnat at hindi rin umano ito nakakakain.

Pero dakong ala-10:00 (Lunes) ng umaga nang pilitin umano ng kanyang ama na kumain hanggang sa magsuka ito.

Lalong ikinagalit ito ng kanyang ama kaya pinagpapalo nito hanggang sa namutla kaya isinugod ng kanyang inang si Hazel sa ospital subalit idineklara itong dead on arrival.

Hawak naman na ng pulisya ang ama ng bata at naharap sa kasong parricide. **GENE ADSUARA**

# Isko 'di natinag sa coronavirus

Hindi nagpaapekto sa kinatatakutang 2019 novel corona virus (nCoV) ang publiko dahil sa kabila ng posibleng may makahalubilong may taglay nito sa kilalang Chinese community sa Binondo ay dinagsa pa rin ang katatapos na pagdiriwang ng Chinese New Year.

Naging makulay at masaya ang okasyon lalo na nang dumugin at magpa-selfie ang mga tao nang makitang nakisali sa grand parade na nagmula sa Central Post Office patawid ng Jones Bridge hanggang sa Binondo sina Manila Mayor Isko Moreno at Vice Mayor Honey Lacuna.

Habang nasa parade ay nagpaagaw din ng Angpao na may lamang pera at pulang t-shirt sina Moreno at Lacuna hanggang sa pagsapit sa Ongpin St., Binondo.

Namigay din ng tulong si Moreno sa mga indigent families na nakatira Binondo, partikular sa San Nicolas area na nasa 3,000 pamilya ang nakatira.

Ikinatuwa ni Moreno na sa gitna ng pangamba sa bagong coronavirus na napaulat na nagsimula sa Wuhan, China, hindi nito natabunan ang diwa ng selebrasyon.

Tiniyak niya rin na patuloy ang pamahalaang lungsod sa pagbibigay ng precautionary measures para hindi maapektuhan ang mga mamamayan dahil alam niyang ang Binondo, na nasa lungsod ang pinakamalaking Chinatown na dinadayo. **(leonard basilio)**

## 2 housekeeping ng POGO, kalaboso

**SWAK** sa kulungan ang dalawang housekeeping ng Philippine Offshore Gaming Operator (POGO) matapos na nahulian ng tinatayang P60K halaga ng mga celphone na kanilang tinangay sa loob ng opisina ng itinatayong gaming site sa Kawit, Cavite.

Kasong Qualified Theft ang kinakaharap ng mga naarestong supek na sina Jaymark Arbues, 27, binate, ng Brgy Daang Amaya 3, Tanza, Cavite; at Paola Mae Siazon, 26, dalaga, ng M. Santos Abaya, Muntinlupa City , kapwa hosekeeping sa itinatayong POGO sa Brgy Pulvorrista, Kawit, Cavite dahil sa reklamo ni Meivina Viome, 33, Chinese-Indonesian national at Admin Officer sa POGO compound.

Sa ulat ni PSSgt Mark Joseph Arayata, ng Kawit Municipal Police Station, dakong alas-6:00 ng gabi nang nagreklamo ang 8 empleyado sa warehouse sa nasabing construction site kay Viome na ang kanilang isyung cellphone na nakalagay sa kanilang lamesa ay nawawala.

Agad na ipinag-utos ni Viome na rebyuhin ang Closed Circuit Television (CCTV) sa lugar kung saan nakita ang mga suspek na siyang kumuha ng mga cellphone dahilan upang inspeksiyunin ang gamit ng lahat ng empleyado at trabahador ng site at nakita sa loob ng sling bag ni Arbues ang 4 na iba't ibang unit ng cellphone at 4 din na unit ang nakuha sa bag ni Siazon na may kabuuang halaga na P60,000.

Inaresto ng Internal Security ng construction site ang mga suspek bago dinala sa Kawit police station. **GENE ADSUARA**

# Utas sa buy bust, kawani ng Antipolo LGU?

**NASAWI** ang isang driver ng Health Services ng Antipolo City nang nanlaban sa mga awtoridad sa isang buy bust operation at nagresulta sa pagkakasamsam ng tinatayang P.3 milyon halaga ng shabu sa Imus City, Cavite.

Dead on the spot ang suspek na si Roberto Fernandez, na kinilala lamang sa pamagitan ng kanyang ID na isang driver ng City Health Government ng Antipolo City at residente ng Brgy San Roque, Antipolo City.

Sa ulat ni PSSgt Ernesto Dasalla, Jr., ng Imus City Police Station, dakong alas- 5:00 ng hapon nang nagsagawa ng buy bust operation ang mga operatiba ng Cavite PIB-Drug Enforcement Team (DET) sa pamumuno ni Capt Christel Carlo Villanueva sa Brgy Alapan 2 ng naturang Lungsod.

Pero sa kalagitnaan ng transaksiyon sa pagitan ng suspek at police poseur buyer, dito nahalata ng una na pulis ang kanyang kausap dahilan upang magbunot ng baril at ipinutok sa kaharap subalit nagmintis dahilan upang gumanti ang mga kabaro ng huli na nagresulta sa kanyang kamatayan.

Narekober sa suspek ang isang kalibre 45 at kalibre 9mm na baril, bala, isang sling bag na naglalaman ng digitan weighing scale, lighter, flash drive at sachet ng hinihinalang shabu at isang government ID ng Antipolo City na nakapangalan sa kanya.

Narekober pa sa kanya ang tinatayang 50 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P300,000 at wallet ng samu'tsaring Identification Cards (ID).

Habang sinusulat ito ay bineperipika kung pag-aari nga niya ang government ID na nakuha sa kanya.

Ang kanyang labi ay nakalagak sa Straight Funeal Homes para sa awtopsiya at safekeeping. **GENE ADSUARA**

# Continuing care for rescued animals

More animals are receiving the needed treatment and care on their way to recovery from the effects of Taal volcano eruption with the continuing inter-agency veterinary mission headed by the Provincial Veterinary Office (PVO). Led by the team of Dr. May Magno, Provincial Veterinarian, volunteers join hands to assist private shelters looking after the welfare of rescued animals and pets while under foster care.

On January 24, two teams were dispatched to conduct veterinary mission in Silang, Magallanes and the City of Dasmariñas. In Silang, they visited Pam's Shelter, Wagging Tails Rehab and Sanctuary, Philippine Animal Rescue Advocate, Eden for the Furangels Rescue Shelter, and a private residence in the City of Dasmariñas. They conducted health assessment and treatment, anti-rabies vaccination and provided dog food. In Magallanes, they visited a private shelter owned by Mr. Edsel Paredes where they treated dogs, provided vitamin supplements and anti-rabies vaccination.

Another mission was held on January 27 in Magallanes at Julie's & Nene's Resort and Farm in Brgy. Medina conducting site inspection and animal check-up and donated dog food, vitamins, antibiotics, disinfectant and animal treats. A follow up visitation was done at Mr. Paredes' shelter where they also donated disinfectants.

Partners who joined the PVO in the recent vet missions were from the Cavite Veterinary Medical Association (CAVMA) and the College of Veterinary Medicine and Biomedical Sciences (CVMBS) – Cavite State University. Provincial Information and Community Affairs Department with reports from Dr. May Magno **(PVO)**

# TRECENOS AVAILED FREE HEALTHCARE SERVICES

On January 28, 2020, another leg of medical and dental mission was conducted at Capitol Hills Executive Subdivision Village 2 in Brgy. Lapidario, Trece Martires City wherein more than 500 locals availed the free healthcare services sponsored by the Provincial Health Office in partnership with the local government of Trece Martires City.

The mission team headed by the OPG-Extension and Provincial Health Office in cooperation with the City Health Office rendered free medical consultation, dental check-up and tooth extraction. Likewise, Multilab Diagnostics and Healthcare Services provided free random blood sugar testing to some 58 patients while 31 residents availed the ECG.

The health activity was made possible with the request of Capitol Hills Executive Subdivision Village 2 Homeowners Association through its president, Mr. Wilfredo Salvador and with the assistance of Inocencio Paramedic and Rescue Volunteers (IPARV), barangay officials, barangay health workers and barangay nutrition scholars.

Moreover, Mayor Gemma Lubigan, Vice Mayor Bobby Montehermoso together with the Sangguniang Panglungsod Members were present and expressed their gratefulness to the provincial government for always providing health care assistance to Trecenos. **(PICAD)**

# MEDICAL SERVICES FOR SILANG RESIDENTS

Almost 300 residents of Silang availed free medical services brought by the Provincial Government of Cavite through the OPG-Extension and Provincial Health Office at Risen Christ Catholic Church in Brgy. Narra 3 on January 24, 2020. Dentists from Dasmariñas Dental Circle rendered their services for free to some 31 dental patients who underwent tooth extraction while some 239 patients had medical checkup and consultation with the medical professionals from Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital. Fifth District Board Member Kevin Anarna and Knight of Columbus Council 15549 who requested the health activity expressed their gratitude to the provincial government as well as to the mission team for providing free healthcare services to their constituents. **PICAD**

## USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

# Takot o respeto ng mga nagmomotor?

**SA** unang opensa ay P578, sa ikalawa ay P778, at P1,078 naman para sa ikatlo.

Iyan ang mga kaukulang multa sa mga mahuhuling nagmamaneho ng motorsiklo na hindi nakasuot ng sapatos.

Kung tatlong tao naman ang sakay sa motorsiklo, ibig sabihin driver at mayroong dalawang angkas ay P1,078 ang multa.

P1,078 din ang multa kapag walang side mirror at busina, maging tail, head, brake at signal lights o kung meron man ay depektibo naman.

P1,578 ang multa kapag walang suot na helmet ang driver maging ang angkas at ganoon din kapag walang lisensiya.

Kapag expired o hindi nakarehistro ang motorsiklo ay P4,078 ang multa.

Siguro naman lahat tayo ay aware sa social media at nagtataglay ng ating facebook.

Dumadaan sa wall natin ang anunsuyong ito mula sa Land Transportation Office.

"Babala sa mga nagmamay-ari ng mga motor," ganyan ang nakasulat sa ibabaw.

Mabigat ang kaparusahan o multa pero ang malaking katanungan ay bakit tila marami ang hindi natatakot.

Igala natin ang paningin sa kalsada o paligid, daming makikitang nakamotor na naka-shorts at tsinelas lamang.

Prenteng-prente na wala pang suot na helmet kahit ang angkas o minsan ay tatlo pa silang sakay ng motor.

Huwag na iyong walang side mirror o busina at maging kawalan ng mga ilaw dahil hindi masyadong pansinin lalo na sa araw.

Maging ang kawalan ng lisensiya o expired na rehistro ng motor ay hindi rin punado hanggang hindi masisita o mahuhuli ang nagmamaneho.

Doon na lamang sa mga walang suot na helmet, nakatsinelas o hindi nakasuot ng sapatos at nasa tatlong sakay ng motorsiklo.

Kitang-kita ito at may pagkakataon na habang bumabagtas ay may nakakasabay pang police o mobile car.

Ibig sabihin ay nadadaanan ng mobile ang ganitong tagpo na walang suot na mga helmet, hindi nakasapatos at tatlo sakay pero hindi pinahihinto para babain at hulihin ng mga pulis mula sa nakasakay na police car.

Mayroon din naman na mga mobile na nakaparada sa ilang kalsada o kanto at napapadaanan sa kanila ang sinasabi nating ganitong tagpo ng mga nakamotor.

Ganoon din, wala ring aksiyon o ginagawa para manita ng mga pasaway na nagmomotor.

Walang aksiyon dahil hindi naman nakatalaga ang mga pulis sa isang checkpoint o oplan sita.

Kaya sa checkpoint o oplan sita lamang nadadale ang mga nagmomotor na mayroong mga paglabag sa batas.

Ang pinupunto rito, dapat makaramdam ng takot o respeto ang mga nagmomotor hindi lamang sa oplan sita o checkpoint.

Magagawa ba ng gobyerno o kapulisan na itatak ang matinding takot sa mga nagmomotor bilang pagsunod?

## EDITORYAL

### Epektibo o hindi?

**TINATALAKAY na ng Commission on Elections en banc ang pagsasagawa ng mobile app voting para sa 2022 national at local elections.**

**Sabi ni Comelec Commissioner Rowena Guanzon, kapag ang naturang proposal ay makakalusot ay maaari ng isagawa ang pagboto sa pamamagitan ng cellphone.**

**Ang mobile app voting ay magdudulot ng malaking tulong partikular sa mga overseas Filipino workers (OFWs).**

**Binabalak sa ngayon ng komisyon ang pagrehistro sa kanilang mga empleyado.**

**Ito ay upang isasagawa ang test run sa darating na Marso o Abril na naglalayong mabatid kung ito ba ay epektibo o hindi.**

**Makakatiyak na walang magaganap na dayaan o flying voters.**

**Magiging maingat ang isasakatuparang identification at image verification sa mobile app.**

# Capacitating coop leaders as future entrepreneurs



The Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office continues the conduct of i-Create Coop, a Ladderized Training for Cooperatives (LTC) on January 23-24, 2020 at the Cavite Cooperative Development Center, Trece Martires City, Cavite. The training aims to identify potential entrepreneurs and provide them with comprehensive support to enhance their entrepreneurial skills and competencies to establish and operate a profitable competitive business on a sustainable basis. In their third session, Dr. Aldrin P. Antivola, Business Efficiency Advisor/Organization Therapist provided the participants the second part of Entrepreneurial Skills Development which includes Operational Management, HR Management, Communication Skills, Financial Management, Cash Flow Management and Legal inputs. Meanwhile, session four about Strategic Business Plan covered the topics Strategic Business Planning (Workshop/Writeshop) and Endorsement and Partnering with Business Coaches/Hands-on Entrepreneurs and Accountants for Preparation of their Pro-Forma Financial Statements. Succeeding lessons will be covered until the last day of the training on February 18, 2020 for the 30 participants from 15 cooperatives. **(PICAD)**


## ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***
papi

# PARKING LOT NG KILALANG MALL SA CAVITE, TRANSAKSIYON NG DROGA?

**TILA nagiging paborito ng transakisyon ng mga tulak ang mga kilalang mall sa Cavite matapos na umabot na sa P6.8 milyon halaga ng droga ang narerekober sa panibagong pagsalakay sa parking area ng isa pang mall matapos ang pagkakaaresto ng isa pang katao sa Bacoor City, Cavite.**

Kinilala ang naaresto na si Sikal Abdullah, 46, dried fish vendor, ng Avida Tower 7-3B, SM Sucat Dr., Santos Avenue, San Dionisio, Paranaque City.

Sa ulat ng Bacoor City Police Station, dakong alas-12:05 ng tanghali nang nagsagawa ng buy bust operation ang mga elemento ng PDEA-ROIV-A, PDEA SAS, PDEA-BARMN at Bacoor CPS sa parking lot ng SM Bacoor sa Emilio Aguinaldo Highway cor., Tirona Highway sakop ng Brgy Habay 2, Bacoor City, na nagresulta sa pagkakaaresto kay Abdullah at pagkakakumpiska ng 500 gramo ng hinihinalang shabu na nakalagay sa isang regatta paper bag at may street value na P3.4 milyon.

Matatandaan na kamakailan lamang ay tinatayang 500 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P3.4 milyon ang nasamsam din ng mga awtoridad sa ground floor parking area ng SM Molino sa Brgy 4, Molino 4 ng nasabi ring Lungod.

Naaresto sa nasabing operasyon ang isang Reiner Magbuhay at Kevin Mateo. **GENE ADSUARA**

# DOJ expands VFA study to include impact assessment

**MANILA** -- Department of Justice Secretary Menardo Guevarra on Monday said his office has been directed to include the implications of the termination of the Visiting Forces Agreement (VFA) between the United States and the Philippines in their study.

"We have just been instructed today to expand the scope of our study to include a preliminary impact assessment on the possible termination of the VFA," Guevarra told reporters, referring to the security, economic and environmental impact of the VFA termination into the country.

Guevarra earlier said last week that the memo sought by the Palace would only deal with the procedure for termination, not the wisdom of the executive action and answer such questions as: 'Is the VFA a treaty or an executive agreement?'; 'If it is a treaty, is Senate concurrence required for termination?'; 'Who will give the notice of termination?' (and), 'Is it necessary to state any ground for termination?"

Guevarra explained the legal formalities were easier to determine.

"'Yung legal, madali lang. 'Yung impact assessment ang kailangan ng masusing pag-aaral (The legal questions are easier, It is the impact assessment that needs scrutiny," the DOJ chief said.

He added that the timeframe for the termination depends on how soon the Cabinet cluster concerned on the matter can convene.

"I may even have to request the Cabinet cluster on justice, security, and peace to convene and discuss this matter," he said.

On Friday, Presidential Spokesperson Salvador Panelo said President Rodrigo Duterte ordered to start the process of termination of the VFA following the cancellation of the US visa of retired top cop and now Senator Ronald "Bato" dela Rosa, who used to be one of those who implemented the government's anti-drug campaign.

Duterte earlier warned the US government that he will scrap the agreement if the cancelation of dela Rosa's visa is not rectified within a month.

Signed by the Philippines and the US in 1998, the VFA is an executive agreement that stipulates how visiting American troops should be treated in the Philippines.

Aside from exempting US forces from passport and visa regulations, the agreement also states that their permits and licenses are also deemed valid in the Philippines. The same policy also applies to Filipino troops in US military installations.

It also allows Washington DC to retain jurisdiction over US personnel accused of crimes committed in the Philippines. **(PNA)**




**LIBU-LIBONG** kawani mula sa iba;t ibang sangay ng gobyerno kasama ang Maritime Group at Manila Police District maging ang mga pribadong indibidwal ang nakiisa sa Baseco Port Area Maynila kaugnay ng pagdiriwang ng unang taong anibersaryo sa paglilinis ng Manila Bay. **CHRISTIAN HERAMIS**

# 5 KATAO, DEDO

**LIMANG** katao ang naitalang nasawi, 3 rito ay aksidente sa kalsada habang 2 ay matapos na nanlaban sa mga awtoridad sa isinagawang buy bust operation sa magkakahiwalay na lugar sa Cavite.

Kinilala ang mga nasawi na sina Arvin Tamani, 21, dental technician at driver ng motorsiklong may side car ng Purok 4, Puting Kahoy, Silang, Cavite at pasahero nitong si Alex Simangan, 48, balut vendor, ng Bathan St., Tartaria, Silang; isang motorcycle rider na si Joel Villagracia, 44, ng 192 Lemon St., Cuneta Compound, Brgy. San Nicolas 1, City of Bacoor, at tulak na sina alias "Mcdo" at "Bong."

Sa ulat ng Silang Police Station, minamanheo ni Tamani ang kanyang motorsiklo na may side car at sakay nito sina Simangan at isang Maria Delia Camacho, 48, ng Tartaria, Silang habang binabagtas ang north to south direction patungo sa Tagaytay City dakong alas-9:40 ng gabi sa Tagaytay- Sta Rosa Road sakop ng Brgy Puting Kahoy, Silang.

Minamaneho naman ni Robeto Fortuny ang isang kulay silver na Subaro Sedan na may plakang ZPE 745 habang binabagtas ang opposite direction nang pumihit ito pakaliwa dahilan upang mabangga nito ang sinasakyan ng tatlo at nagresulta sa kamatayan nina Tamani at Simangan habang si Camacho ay isinugod sa Philippine General Hospital.

Dakong alas-11:30 ng gabi nang naganap ang kasunod na insidente sa kahabaan ng Tirona Highway sa harapan ng JS Ville Subd., sakop ng Brgy Habay 1, Bacoor City kung saan patungo naman sa direksiyon ng Zapote habang minamaneho ni Villagaracia ang kanyang motorsiklong Yamaha Mio habang patungo naman sa direksiyon ng Manila ang minamanehong Trailer truck na may dalang semento ang suspek na si Morales.

Gayunman, pagsapit sa nasabing lugar nang tumigil ang biktima upang dampution ang face shield na natanggal mula sa kanyang helmet na siya namang pagdating ng sasakyan ng driver ng semento.

Huli na nang tangkain ni Morales na piglan ang brake ng kanyang sasakyan at makaladkad ang biktima.

Tinangka pang isugod sa Binakayan Hospital ang Medical Center ang biktima pero namatay din ito.

Nagsagawa naman ng buy bust operation ang mga elemento ng Drug Enforcement Unit (DEU) ng Dasmarinas City Police Station dakong alas-11:50 ng gabi sa Brgy Burol Main, Dasmarinas City.

Nakipagtransaksiyon sina alias Mcdo at Bong sa poseur buyer pero huli na nang napunang pulis ang kanilang kausap kaya nagpaputok sila ng baril subalit nagmintis kaya gumanti ang pulis na nagresulta sa kanilang kamatayan.

Bukod sa shabu na narekober, nakuha rin sa crime scene ang isang kalibre 38 na baril. **GENE ADSUARA**

---

**Republic of the Philippines**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**Fourth Judicial Region**
**Branch 109, Carmona, Cavite**

**IN THE MATTER OF CANCELLATION OF THE CERTIFICATE OF LIVE BIRTH OF ADELFA COMITA CUER WITH REGISTRY NO. 98-993 OF THE OFFICE OF LOCAL CIVIL REGISTRAR OF GMA, CAVITE,**

**ADELFA COMITA CUER,**
Petitioner,

**SP-C-GMA-2019-34**

-versus-

**THE LOCAL CIVIL REGISTRAR OF GMA, CAVITE,**

**THE CIVIL REGISTRAR GENERAL OF THE PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY, QUEZON CITY,**

**SPOUSES FELIPE M. CUER and ADELINA C. CUER,**
Respondents.

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF HEARING**

There is a petition filed by petitioners thru counsel for the cancellation of the certificate of live birth of **ADELFA COMITA CUER** with **Registry No. 98-993** on the grounds alleged therein.

**NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT** said petition has been set for hearing on **March 17, 2020 at 1:30 in the afternoon** before this Court, on which date, hour and place, any person interested is cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Notice be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the cities and province of Cavite.

Let a copy of this Notice and that of the petition be furnished of the Office of the Solicitor General, Makati City; Local Civil Registrar, GMA, Cavite and the national Census and Statistics Office, Quezon City and the same be posted by the sheriff of this Court in three (3) conspicuous places in the Municipality of GMA.

WITNESS THE HONORABLE **NIVEN R. CANLAPAN**, Presiding Judge of this Court, this 9th day of December 2019 at Carmona, Cavite, Philippines.

**BON GERARD D. ASCAÑO**
Clerk of Court VI

**Publication: HANEP** February 3, 10 & 17, 2020

# MAG-ASAWA, DINAKMA SA DROGA

**MALIBAN sa pagsasaka at pagbebenta ng gulay, luminya rin sa pagtutulak ang mag-asawa upang madagdagan ang kanilang kita subalit nabuking nang naaresto sa isang buy bust operation sa Tanza, Cavite.**

**Nakakulong sa Tanza Custodial Center ang mag-asawang Enrique Herrera, alias "Rick", 51, magsasaka; at asawa nitong si Clarita, 50, nagtitinda ng gulay, at kapwa residente ng 280 Brgy Paradahan 1, Tanza.**

Sa ulat ni Pat Ehdcel Manalo, ng Tanza Municipal Police Station, dakong alas-7:30 ng gabi nang naaresto ang mag-asawa sa aktong nakikipagtransakisyon sa isang pouser buyer sa Brgy Paradahan 1.

Nauna rito, nakatanggap ng impormasyon ang Tanza CPS na bukod sa pagbebenta ng gulay ang mag-asawa ay dumidiskarte rin sa pagtutulak dahilan upang magsagawa ng buy bust operation laban sa kanila at nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Nakuha sa mag-asawa ang 1 sachet ng shabu o 1 gramo na may street value na P2,000.

Nabatid na ang mag-asawa ay kabilang sa Street Level Target (SLT) watch list. **GENE ADSUARA**

# Fire Safety Education for Children in evacuation centers

The Bureau of Fire Protection-Trece Martires City in partnership with the Provincial Government of Cavite brought the House of Berong, an interactive fire safety education platform, on tour teaching about fire hazards and basic emergency response among children in evacuation sites in Alfonso on January 24, 2020. It provided not just timely fire safety information but also a form of psycho-social support for the young in the aftermath of Taal vocano eruption.

Led by SINSP. Alma Cassandra Gardose, the team of firefighters from BFP-TMC setup the House of Berong in coordination with BFP-Alfonso and the local government and taught the children some basic first aid lessons during emergency, the common fire hazards at home, safety tips, how to extinguish fire from burning pan while cooking, and the proper way to respond in case of fire by crawling down below the smoke. They also had the chance to experience being little firefighters for a day as the team from BFP demonstrated the use of firehose and let them try using the equipment firsthand.

First stop of the fire safety caravan was at Matagbak Elementary School followed by Marahan Elementary School both in the town of Alfonso. The team from BFP-TMC are also targeting to visit evacuation centers in other LGUs to conduct more education campaign for children.

# Angono-Antipolo diversion road underway

**ANTIPOLO CITY (PIA) -** A nearly seven kilometer-diversion road that connects Angono and Antipolo is expected to decongest traffic in routes going to the inner towns of Rizal province.

Public Works Secretary Mark Villar said the road construction is in full swing and is expected for completion in June this year.

"Going in and out of Rizal will soon be traffic jam-free with the completion of this project. Packages A and B of the four-lane bypass road now have a significant accomplishment, with a 49.5 percent and 45.08 percent completion rate, respectively," added Secretary Villar.

Based on a report from Department of Public Works and Highways (DPWH) Regional Office 4A Director Samson L. Hebra, Villar the diversion road is anticipated to decongest traffic in the Municipality of Taytay and along Manggahan Floodway which are the frequent route of motorists going to the inner towns of Rizal.

Traversing the Barangay of San Isidro in Angono to Barangay Mahabang Parang near the boundary of Angono and Antipolo, the road spans 6.97-kilometers which were divided into three (3) packages.

In 2018, a 1.02-kilometer portion of the road was finished by the DPWH Rizal 1st District Engineering Office (DEO). Package C of the road project now has an approved allocation of P150-million and will start soon.

With a total funding of P122-million covered by the 2018 DPWH Regular Infrastructure program, packages A and B of the bypass road is targeted to complete on June this year. **(PIA Rizal with DPWH reports)**

# Pasay City mayor, personal na namahagi ng relief goods sa Batangas

**LUNGSOD PASAY (PIA)** – Personal na namahagi ng mga relief goods si Pasay City Mayor Emi Calixto-Rubiano kamakailan sa mga naging

biktima nang pagsabog ng Bulkang Taal.

Binisita at hinatiran ng mga relief goods ni Mayor Emi ang mga nasalanta nang pagsabog ng Bulkang Taal sa mga bayan ng Talisay, Agoncillo, Laurel at San Nicolas sa Batangas.

Ani Mayor Emi, ang tulong na ipinaabot ay pakikiisa ng mga Pasayeño sa mga nasalanta. Si Mayor Emi ang kauna-unahang alkalde mula sa National Capital Region (NCR) ang bumisita sa mga nasabing bayan sa Batangas at personal na naghatid ng tulong.

Samantala, pinasalamatan naman ni Agoncillo Mayor Daniel Reyes si Mayor Emi sa hatid nitong tulong para sa kanyang mga kababayan. Gayundin, nagpaabot ng pasasalamat sina Mayor Joan Lumbres-Amo ng bayan ng Laurel, Mayor Gerry Natanauan ng bayan ng Talisay at Mayor Lester De Sagun ng San Nicolas. **(Pasay PIO)**

# Nutrition status of evacuees in Cavite, a main priority of the health office

Cavite Provincial Health Office called for a meeting of the provincial nutrition cluster and all the city/municipal nutrition action officers in Cavite on January 23, 2020 at the Cavite Collaboration Center for Public Health, Trece Martires City to assess the situation particularly the nutrition status of the evacuees affected by the Taal Volcano Eruption in evacuation centers and those fostered by relatives in order to synchronize the actions of the national, the regional, provincial down to the city and municipal nutrition councils

Dr. Nelson Soriano, head of the Provincial Epidemiology and Surveillance Unit reported the immediate response conducted by the Provincial Health Office through rapid health assessment and needs analysis in evacuation sites and in communities where evacuees are fostered by their relatives. They have provided Vitamin A supplementation and immunization among children aged 0 – 59 months, deworming, onsite health checkup, conducted medical and dental missions, anti-dengue misting, among others. Dr. Soriano stressed some vital provisions that need to be established in evacuation areas including breastfeeding area, isolation room and quarantine area to prevent any possible transmission of communicable disease, availability of onsite medical services for early diagnosis and treatment of medical conditions, couple's room, adequate comfort rooms, clean water facility and the likes. He also noted several cases observed during surveillance like hypertension, diabetes and respiratory health problems and continuously monitoring to provide the necessary interventions.

Nutrition action officers of the different cities and municipalities also reported on the situation of evacuees in their localities and the actions that have been undertaken by the LGUs. Aside from the health and nutritional status assessment, they also help setup mother and baby-friendly spaces, advocated breastfeeding and information dissemination on the ban of infant formula for donations, prepositioned supplies of ready to use supplementary food and continuously monitors the nutrition status especially of children and pregnant or lactating mothers.

Cluster members from the International Institute for Rural Reconstruction Ms. Kirstein Itliong and Ms. Camille Valdemoro explored the possibility of setting up community kitchen in evacuation areas and setting up of Mother-Baby-friendly and Mother-Baby spaces in partnership with their organization and other donors that may be tapped.

Ms. Carina Santiago, Regional Nutrition Cluster Head summed up the agreements that were made during the meeting including the provision of nutrition supplements and nutrition services, daily submission of reports to the province, relaying of needs to the regional office for linkage and provision and information campaign on EO 51 on the ban of infant formula for donation through the Department of Education.



Evacuees in Sto. Tomas, Batangas together with their children enjoy the newly installed LED TVs as they watch various health infomercials of the Department of Health including advisories on food safety and health effects of ash fall. A total of 10 LED TVs were given to evacuation centers in the municipalities of Sto. Tomas and Tanauan in Batangas. **BOY NAMORA**

# RESULTA NG BADMINTON ASIA MANILA 2020 DRAW

**ANG koponan ng kababaihan ng badminton ng Pilipinas sa paglahok sa dalawang karibal ng Timog Silangang Asya sa isang pangkat kasunod ng resulta ng draw para sa Badminton Asia Team Championships sa Century Park Hotel.**

Ang mga Pilipinong shuttler ay pinagsama-sama sa Thailand at Indonesia sa Group Y. Ang dalawang iba pang mga koponan sa Timog Silangang Asya sa patlang ng 12-koponan ay iginuhit sa magkahiwalay na mga grupo.

Ang Malaysia, ay iginuhit sa Group W kasama ang Japan, ang nangungunang binhi sa distaff side, at Hong Kong. Ang Singapore, sa kabilang banda, ay nagtapos sa pangalawang binhi ng China at Chinese Taipei sa Group Z. Ang iba pang pangkat, Group X, ay mayroong South Korea, India, at Kazakhstan sa loob nito.

Samantala, ang koponan ng mga kalalakihan ng Pilipinas ay para sa isang matigas na paggiling dahil hindi bababa sa top seed na Indonesia ay nasa pangkat nito. Ang Kumpletong Pangkat A ay ang India. Sa kabilang dako, ang Group B ay mayroong China, Thailand, at Hong Kong sa loob nito, ang Group C ay binubuo ng Chinese Taipei, Malaysia, at Singapore, at ang Grupo D ay binubuo ng Japan, South Korea, at Kazakhstan. Ang Badminton Asia Team Championships ay mag sisimula sa Peb. 11-16 sa bagong renovated na Rizal Memorial Coliseum na nagho-host sa huling ika-30 na Timog-silangang Larangan. Ang mga koponan sa isang tiyak na grupo ay maglaro ng isang solong pag-ikot ng paunang yugto ng round robin laban sa bawat isa. Hanggang sa tatlong magkakapareha at dalawang dobleng pares ang gaganap.

Ang unang koponan na manalo ng tatlong mga tugma ay kukunin ang serye. Ang nangungunang dalawang koponan bawat pangkat ay kwalipikado para sa knockout quarter-finals. Ang mga panghuling semifinalist sa men's division ay kwalipikado para sa Thomas Cup sa Denmark.

Sa mga puntos na mag kwalipikasyon ng Olympic ay bibigyan din sa lahat ng mga koponan depende sa kanilang pangwakas na ranggo, na nangangahulugang ang mga kampeon ay makakakuha ng isang mas mahusay na pagkakataon upang maging kwalipikado sa Tokyo Olympics.

# PALABAN NA MGA KALAHOK SA LABAN NG LAHI "PLATOON RUN CHALLENGE"

ANG magaganap na ika - 4 na edition ng Laban ng Lahi 23K Platoon Run Challenge na gaganapin sa darating na September 17- 17-19 sa Bislig, Surigao del Sur.

May temang One Nation, One People, One Philippines, ang karera ay suportado ng lokal na pamahalaan ng Bislig City, kinatawan ni Vice Mayor Jonas Cacayan kaalinsabay sa pagdiriwang ng Charter Day ng lungsod.

"Ang aming lungsod ay sadyang sumuporta sa Challenge Run, hindi lamang inganyuhin ang ating mga iba't ibang lahi na may pagmamahal sa sports, kung hindi ipakilala natin sa buong mundo kung ano mayroon tayong kagalingan sa mga nagpartisipa nating katutubo, " giit ni VM Cacayan.

" Pinasasalamatan natin ang mga opisyal natin sa Bislig City, dahil hindi sila nag-atubili upang gabayan tayo sa ating Olympic level run at maging ang mga magpapartisipa, kabilang na ang Senior Citizens Platoon team na maaga pa lamang ay nagpahiwatig ng kanilang kahandaan, " paliwanag naman ni National Chairman/founder Airforceman Capt. Junel Pogoy.

Maliban sa P3 milyon na iuuwi ng platoon team champion, ang second at third place teams ay tatanggap naman ng P800,000 at P500,000 ayon sa pagkakasunod.

Kailangan naman na 29 sa 31 kasaling runners kada koponan ang tumapos sa karera para mag-qualify sa top three major prize.

Pangungunahan naman ng defending champion Calabarzon ang mga inaasahang koponan na lalahok sa karera.


Nagparating na rin ng kanilang paglahok ang Netherlands Platoon Team-ang lahat ay kababaihan- sa sinasabing Global Challenge Run- na posibleng lahukan ng 50 hanggang 100 Platoon Teams.

"Handa po ang aming lungsod sa seguridad at kapayapaan ng Laban ng Lahi 23K Platoon Challenge Cup-3M Ultimate Champion Prize (One Nation, One People, One Philippine Race). Ilalaan po namin ang lahat ng suporta para sa ikatatagumpay ng labanan ng mahuhusay na iba't ibang lahi, lokal man o ibang bansa, " sinabi naman ni Bislig City Executive Sec. Rosendo Campos.

Sinabi ni overall race director/coach Nicanor Gandeza na nakipag-ugnayan na sila sa PNP, militar, marshalls at iba pang sektor para sa ikatatagumpay ng Laban ng Lahi 23K Platoon Run Challenge.



**NCAA WOMEN'S VOLLEYBALL - BLOCK** - Pinalpal ni College of Saint Benilde blocker Chelsea Umali ang ginawang pag bomba ng katunggaling si Jamille Veronica Carreon ng San Sebastian College sa kanilang maaksyong laro ng NCAA Season 95 women's volleyball preliminary sa Fil Oil Flying V San Juan. **(RGN)**



**LABAN NG LAHI** - INIHAYAG ni National Chairman Founder Jonel Pogoy ang magiging kaganapan para sa nalalapit na Laban ng Lahi 4th edition 23K Platoon Run Challenge na may temang One Nation, One People, One Philippines, kung saan ay magiging kakaiba naman ito sa nakaraan kumpetisyon kumpara sa magaganap nitong darating na September 17-19 sa Bislig City Surigao Del Sur. **(RGN)**




**TOPS GUEST -** BINATI ng pag shake hand ni (kaliwa) Ferdinand Munsayac UGB MMA CORP CEO President ang kampeon sa Juego TODO kumpetisyon na si Fighters Genil Francisco makakaraang pagkalooban ng premyong bahay at lupa mula kay (gitna) Vergel Glorioso ng bumisita sa 53rd Edition TOPS Usapang Sport sa National Press Club Intramuros Manila. Kasama sa larawan ang iba pang Fighters at TOPS President Ed Andaya **(RGN)**

# HANEP SPORTS

Sports Editor: RGN

Email Add: hanepsports2017@gmail.com



**HANEP SA GALING - DI patitinag si Paratriathlet Alex Silverio sa** kanyang one hand bike drive ng lahukan nito ang NAGT National Age Group Triathlon Sprint 30-39 male sa Acea Subc Bay. Kaugnay nito kalahok sa nalalapit na Paragames si Selverio. **(RGN)**




**BADMINTON ASIA MANILA -** PINANGUNAHANN ni Alfredo Benitez PBA Smash President Ang pag palabunutan para sa mga team group na bansa magtatagisan para sa kalalakihan sa ginanap na Draws Ceremony ng Badminton Asia Manila Team Championships 2020 sa Century Park Hotel kaugnay nito magaganap ang international kumpetisyon sa darating na Pebrero 11 - 16 na pagtatagisan ng 12 bansa Rizal Memorial Coliseum. **(RGN)**

# MIEMBRO NG OZAMIS ROBBERY GROUP, TEPOK SA ENGKUWENTRO

**PATAY ang isang miembro ng Osamis Robbery Group nang nakipagpalitan ng putok sa Cavite police matapos ang transaksiyon sa isang buy bust operation sa Silang, Cavite.**

Namatay sa pinangyarihan ng insidente ang suspek na si Esteban Letada, alias Teban, binata, at nasa listahan ng High Value Individual sa PRO 4A at residente ng Block 48 Lot 7 Brgy Acacia, Silang.

Sa ulat ni PSSgt Aldwin Paulo Tibuc, ng Silang Municipal Police Station, dakong ala-1:30 ng hapon nang nagsagawa ng buy bust operation ang mga operatiba ng Regional Special Operating Unit Unit 4A (RSOU) at Silang MPS sa Block 48 Lot 7 Brgy Acacia, ng naturang bayan laban sasuspek.

Matapos ang transaksiyon sa pagitan ng suspek at poseur buyer ay nagbigay ng hudyat para sa pag-aresto sa suspek pero pumalag ito at pumasok sa loob ng kanilang bahay at kumuha ng baril at pinaputukan ang mga awtoridad kaya gumanti ang mga pulis na nagresulta sa kamatayan ng suspek.

Narekober sa crime scene ang kalibre 9 mm, kalibre 5.56, kalibre 38, M-16 rifle, granada, sachet ng shabu at peluka. **GENE ADSUARA**

# Kompanya na nagbebenta ng mataas na presyo ng face mask, sinalakay ng SMART

Sinalakay ng mga tauhan ng Manila Police District-Special Mayor's Reaction Team at Bureau of Permits ang isang kompanya at supplier ng face mask sa Rizal Ave. Maynila.

Naabutan pa ni SMaRT chief Major Rosalino Ibay na itinatago ang kahon ng face mask na nagtulak sa kanila na arestuhin ang ilang mga tauhan ng Wyler Enterprises. sa panulukan ng Rizal Ave at Bambang Sts. sa Maynila.

Ayon kay Ibay, ang kanilang pagsalakay ay resulta ng reklamo ng ilang consumer na nakabili na facemask sa mataas na halaga.

Inaresto sa Wyler ang tatlong tauhan nito .

Sinabi ni Ibay na base sa DTI nagkakahalaga lamang ng P3 ang bawat surgical mask subalit ibinebenta umano ito ng P45 habang ang N95 naman na nasa P80 lamang ay ibinebenta naman ng P200 bawat isa.

Dumagsa ang mga consumer sa Wyler dahil ito lamang ang may mga supply ng face mask.

Nabatid pa kay Ibay na ang Wyler ang itinuturong supplier sa 999 mall na sinalakay dakong alas 11:30 ng umaga.

Limang Chinese naman ang dinakip na huli sa pagbebenta ng face mask sa mas mataas na halaga. **(leonard basilio)**

# Calabarzon PNP provides decent burial to deceased NPA fighters

**CALAMBA CITY (PIA) –** The Police Regional Office 4A has provided burial assistance to the family and relatives of two deceased members of a communist terrorist group who died in the recent combat mission of government troops in different parts of the region.

Police Brigadier General Vicente Danao, Jr., regional director of PRO4A said that the communist rebels, despite being a threat to the region's peace and security still deserve a decent burial.

"Bagaman kalaban natin silang maituturing, sila ay mga kababayan parin nating may karapatan sa isang desenteng libing, kaya kami ay nakipag-ugnayan sa kanilang pamilya at kami na mismo ang nagpalibing sa kanila," Danao said.

He stressed that the communist rebels were only victims of deceptive leftist groups.

"Sila ay mga biktima din lamang ng mga kasinungalingan at panlilinlang ng makakaliwang grupo," the Calabarzon police chief said.

In a statement, PRO4A said some members of the police force together with counterparts from the Armed Forces of the Philippines (AFP) embarked on a combat mission on January 19 targeting remnants of New People's Army (NPA) operating in Laguna, Quezon, and Rizal.

It said the troops engaged in a firefight against more or less 20 members of the communist group who were identified belonging to Military Regional Guerilla Unit 4, Southern Tagalog Regional Party Committee.

At least two members of the identified communist terrorist group were killed at Sitio Balot Kahoy, Brgy. San Antonio in Kalayaan, Laguna, the police regional office said.

The PRO4A added that the government troops recovered one M14 rifle, and one shotgun with numerous ammunition, improvised explosive devices, bomb components, and various personal documents.

According to PRO4A, the deceased communist rebels were both indigenous people.

One of the members of the tribe (name withheld) told the police that she is thankful to the entire police force for giving proper and decent burial to their deceased tribe member despite the incident.

"Kahit ganyan po ang nangyari sa kanila ay naiayos po nila sa tamang proseso ang kanilang mga bangkay. Nagpapasalamat po kami," she said.

Hard work not in vain

For their meritorious performance of duty during the combat operations, three police commissioned officers and at least 32 non-commissioned officers were awarded the Military Merit Medal by the AFP.

During the Regional Joint Peace and Security Coordinating Council Meeting held on January 24, Danao commended the operating troops in their effort against communist terrorist groups in the region.

"Your hard work shall not be put in vain. I thank you for your dedication risking your lives in the line of duty," Danao said.

He added that the police force will remain relentless in their operations against communist terrorist group in the region and intensify their programs under the Executive Order No. 70 or the Whole-of-Nation Approach to end local communist armed conflict.

"Makakaasa po ang aming mga kababayan dito sa CALABARZON na kami sa PNP kasama ng lahat ng ahensya ng pamahalaan bilang kasapi ng Task Force ay gagawin namin ang aming makakaya upang sa panahon ng ating Pangulo Rodrigo Roa Duterte ay matuldukan na natin ang mahabang panahong pakikipaglaban sa mga teroristang grupo na patuloy na nambibiktima sa ating mga kababayan," Danao said. **(PIA4A with reports from PRO4A)**



**WALANG** kawala ang umano'y drug courier na si Emerson Lumberio (naka sweater) nang masakote sa isinagawang buy bust operation sa harap ng Padis sa lungsod ng Paranaque ng Anti- Illegal Drug Task Force sa pangunguna nina PSSG De Castro, PSSG Fabricante, PCPl Accad, PCPl Sagman, PCPl Decena, at PCPl Arguta. Nakuha sa suspek ang walong pirasong heat-sealed transparent plastic sachet containing white crystalline substance suspected shabu. Samantala ang isang suspek na si Vicente Coderias ay nahulian ng anim na pirasong shabu sa Hontiveros Compound, P'que City. **(JIMMY HAO)**





# 'Bisor, binistay ng bala

**NAGSASAGAWA** ng imbestigasyon ang Cavite Police hinggil sa pagkamatay ng isang 33-anyos na supervisor nang pagbabarilin ng isa sa 4 na suspek matapos na nagtalo dahil sa umano'y nakaharang sa kalsada sa Dasmarinas City, Cavite.

Namatay sa pinangyarihan ng insidente ang bikimang si Lordjim Ang, may live-in partner, sanhi ng tama ng bala sa katawan habang nakatakas o nakatakbo naman ang nakababata nitong kapatid na si Lord Jay Ang, 30, kapwa residente ng Block 32 Lot 18 Zurich St., Phase 2 San Marino City, Dasmarinas City, Cavite.

Inaalam naman ng pulisya ang pagkakakilanlan ng 4 na suspek na armado ng baril at sakay ng isang 4 wheel vehicle na tumakas matapos ang pamamamaril.

Sa ulat ni PSSgt Gilbert Santos, ng Dasmarinas City Police Station, nag-aayos ng motorsiklo ang dalawa sa gilid ng kalsada nang lapitan sila ng mga suspek na sakay ng isang kulay gray na 4 wheel vehicle.

Sinita umano ng mga suspek ang dalawa dahil umano ay nakakaharang na nagresulta sa kanilang pagtatalo.

Isa sa uspek ang bumunot ng baril at walang sabisabing binaril si Lordjim habang ang kapatid nito ay nakatakas.

Matapos ang pamamaril ay tumakas ag mga suspek sakay ng nasabing sasakyan sa direksiyon ng Burma St., ng naturang lungsod. **GENE ADSUARA**

# CAV PPO OIC, MALUGOD NA TINANGGAP NG CARMONA

**NAGING malugod ang ginawang pagtanggap ng pamahalaan lokal ng Carmona sa pagbisita kamakailan ni Cavite-Police Provincial Office Officer-In-Charge Col. Marlon R. Santos.**

Pinangunahan ito mismo ni Atty. Roy M. Loyola, municipal mayor ng Carmona, Cavite, kasama ang iba pang local officials at Congresswoman Dahlia Loyola.

Nagsalita si Col. Santos sa flag raising ceremony ng Carmona LGU nitong nakalipas na Enero 27.

Sa pagsasalita ay binanggit nitong napakahalagang mapanatili ang kaayusan at seguridad sa buong bayan.

Kaya naman umaplea ito ng tulong at kooperasyon sa mamamayan ng Carmona kaugnay ng mga ipinaiiral na programa at proyekto ng pulisya.

Partikular sa hinihimok ni Col. Santos ay ang mga kabataan, mga sektang panrelihiyon at iba pa.

Samantala, patuloy pa rin ang pagsasakatuparan ng programang 'Simula ng Pag-asa' o SIPAG para sa drug surrenderees sa bayan.

Tiniyak ng Carmona LGU ang buong suporta sa naturang programa upang matamo ang pagbabagong buhay ng mga nasadlak sa ipinagbabawal na gamot. RS



**MALUGOD** na tinanggap ni Mayor Roy Loyola at ng buong Carmona LGU ang ginawang pagbisita ni CAV PPO OIC Col. Santos. **(Photo from fb acct)**

## Outpour of support for Taal volcano affected families

After the eruption of Taal volcano on January 12 that left a huge number of displaced families and communities from Batangas, all forms of help began to come in from the government, the non-government and the private sector.

In the Provincial Government of Cavite, call for donations has been answered in heaps with the continuous outpour of donations for the evacuees who have fled in different cities and municipalities of Cavite.

Governor Remulla openly expressed his desire to help the residents from the neighboring province of Batangas. This, amidst the fact that even residents of several LGUs in Cavite were also affected and remain at risk especially during the height of volcanic activities where some areas fall within the 14-kilometer danger zone. His assurance is that the province will not turn its back on anyone during this time of crisis and made sure that all necessary actions were undertaken to facilitate response operations.

Organizations began pooling their resources to extend the much-needed aid for the victims who have left everything behind in the fear of imminent danger, taking only what's within arm's reach and most valuable, their loved ones.

With the passage of Sangguniang Panlalawigan Resolution No. 1390-2020, the PGC was able to accept donations in cash and in kind, all of which are accounted for, properly received, stored, distributed and prepositioned for release.

Among the early sponsors who handed over their donations of assorted goods to the provincial government were members of the Federation of Cavite Filipino Chinese Business Club,Inc., the Philippine Harmonious Grand Mason South Luzon Chapter, PICPA Cavite Chapter, the Rebisco Group of Companies with loads of handy pack crackers and the Knights of Columbus Labrador Council 7665 with assorted goods and purified water. Also donating assorted goods were the Anvil Business Club, Maynilad Water Services Inc. with goods and water, and the City Government of Navotas while the UNICEF donated Early Childhood Care and Development kits.

The full list of donors are as follows:

- Metro Water Trading Corp.
- Atty. Maan Sumagui
- Federation of Cavite Filipino Chinese Business Club, Inc.
- Philippine Harmonious Grand Mason South Luzon Chapter
- Jill Ramos
- PICP Cavite Chapter
- CFP Strategic Transaction Advisors Inc.
- Registry of Deeds-Cavite
- Rebisco Group of Companies
- City of Imus Cooperative Development Council
- Makati Development Corp./ Ayala Corp.
- WOMASOL Inc. & AUSTRALIAN
- Knights of Columbus Labrador Council 7665
- Ministry of Altar Servers
- Anvil Business Club Inc.
- Margaretha Home for the Blind Inc.
- Koldstor Centre Philippines Inc.
- PEMSEA
- Maynilad Water Services Inc.
- City Government of Navotas
- Municipal Treasurers, Provincial Treasurer & Municipal/ City Assessors
- UNICEF
- Anonymous donor
- Donations endorsed by PDRRMO

Cavite provincial government extends its sincerest gratitude to all who have reached out and offered whatever they can to help those who are in need. The goods that were donated will go a long way in providing the affected families some basic necessities while they are coping with the aftermath of Taal volcano eruption. These acts of kindness restore their faith that they can rebuild again after the tragedy and fuel their hope for better days to come.

## SC designates special competition courts

**MANILA** -- The Supreme Court (SC) on Wednesday designated special commercial courts as competition courts to hear, try, and decide on cases involving violations of the Philippine Competition Act (PCA) and other competition-related laws.

In a circular dated January 28, Court Administrator Jose Midas Marquez said the commercial courts also designated competition courts in the National Capital Judicial Region (NCJR) shall have jurisdiction over competition arising within their respective territorial jurisdiction, while those outside the NCJR shall have jurisdiction within their respective provinces.

The special commercial courts in Quezon City, Manila, Makati, Pasig, Cebu City, Iloilo City, Davao City, and Cagayan de Oro City are authorized to act on applications for the issuance of inspection orders, which shall be enforceable nationwide.

The PCA prohibits entering into anti-competitive agreements such as price-fixing, bid-rigging, abusing a dominant market position, and entering into anti-competitive mergers and acquisitions.

The PCA covers any person or entity engaged in trade, industry, and commerce in the Philippines. It also applies to international trade that may impact trade, industry, and commerce in the Philippines.

There is price-fixing under the said law when businesses agree to directly or indirectly fix purchase or selling price, instead of letting supply and demand determine the prices of goods and services.

Likewise prohibited are the acts related to abusing a dominant market position by 'predatory pricing' where a dominant firm deliberately incurs losses in the short term by selling goods or services below the cost of its production, which can eventually force its competitors out of business;'price discrimination' where a dominant firm sets different prices or conditions for equivalent transactions; 'exploitative behavior towards consumers, customers, or competitors," and limiting production, markets, or technical development.

The prohibited acts are penalized with fines of up to PHP2 million. **(PNA)**

## Nueva Ecija court convicts Veloso recruiters in separate case

**MANILA** -- A Nueva Ecija court has sentenced the recruiters of overseas Filipino worker (OFW), Mary Jane Veloso, to life imprisonment over separate large-scale illegal recruitment raps filed by three other complainants.

In her 28-page decision dated January 14, Nueva Ecija Regional Trial Court Branch 88 Judge Anarica Castillo-Reyes also ordered Maria Cristina Sergio and Julius Lacanilao to pay PHP2-million fine.

"The prosecution... sufficiently mustered evidence to secure a guilty verdict," Castillo-Reyes said in her ruling.

The court upheld the charges despite an affidavit of desistance by one of the three complainants, Ana Marie Gonzales, who said she is hard-pressed financially and could not attend court hearings.

"However, said private complainant (Gonzales) still affirmed her positive assertions that both accused proposed overseas employment to her," the court said.

Sergio and Lacanilao are facing separate charges after they were positively identified as having recruited Veloso who is currently detained and included in Indonesia's death row for smuggling heroin into the country in 2010.

Veloso's supporters are hoping that the findings that she had been victimized by the two human traffickers to act as a drug mule would merit leniency from the Indonesian government.

Veloso's execution by firing squad was halted in 2015 after authorities in Manila informed their counterparts in Jakarta that her recruiters had surrendered. **(PNA)**

## Tone-toneladang karne na swine flu, nasabat

Nasa 25 toneladang karne ng manok na positibo sa African Swine Flu ang nasabat ng Manila Veterinary Inspection Board matapos na isagawa ang inspection sa mga container sa Manila Harbour Center.

Kabilang dito ang 988 kahon ng chicken pot wrapped, 499 kahon ng chicken with black pepper at 199 kahon ng popcorn chicken na pawang mga galing China.

Ayon kay Manila Mayor Isko Moreno, sa pagkakadiskubre ng kargamento lumitaw din ang mga paglabag ng kompanyang Ecosafe Agro Products Manufacturing Fernando Cortez na may address na Firstlink Container Yard, Harbour Center, Rd.10 Vitas, Tondo.

Kabilang sa nilabag ng kompanya ang RA 9296 na inamyendahan ng RA10536 Meat Inspection Code of the Philippines; RA 10611 o Food Safety Act of the Philippines at DA no. 26 series o 2005.

Lumilitaw din na walang permit para sa meat importation at cold storage ang nasabing kompanya. **(leonard basilio)**

# GAZINI GANADOS, NATUPAD ANG PANGARAP

**ANG kinatawan ng ating bansa noong 2019 Miss Universe na si Gazini Ganados ay nagkaroon ng katuparan ang kanyang isa sa mga pinapangarap.**
Alam nating hindi naibigay ni Gazini ang back-to-back win sa Pilipinas.
Hindi naisalin ni Catriona Magnayon Gray ang korona dahil nagtapos lamang sa Top 20 ng Miss Universe 2019 si Gazini.
Pero batid naman ng lahat ng ating kababayan na ginawa niya ang the best.
Ganoon naman talaga sa kompetisyon, may nakalaan para sa tagumpay.
Subalit hindi nangangahulugan para sa mga Pinoy na isang kabiguan iyon.
Bagkus ay karangalan pa rin ang ibinigay na performance ni Gazini sa international arena.
Kabilang siyempre sa inaasam ni Gazini ang tagumpay para sa korona.
Tapos na iyon at heto ang isa sa mga pangarap niya na nagkaroon ng katuparan.
Para sa kaalaman ng iba, ang 24-anyos na Fil-Palestinian model ay ipinanganak sa Dapitan City, Zamboanga gayunman ay sa Cebu siya lumaki.
Solong anak ng kanyang single mother si Gazini at noon pa man ay binabanggit na ang pangarap na makaharap at makilala ang kanyang foreigner na father.
Sa pagkabata ay naging malapit si Gazani sa kanyang mga lolo at lola.
Kaya naman pinili niya ang mga lolo at lola sa kanyang adbokasiya nang maging kinatawan ng bansa sa Miss Universe.
Sa wakas, ang pangarap ay natupad dahil nagkita na rin sila ng kanyang Palestinian father.
Makabuluhan at makasaysayan pa ang lugar na pinagkitaan ng mag-ama.
Sa isa sa mga sikat na food chain nagkita at kumain ang mag-ama na una ring pinagkitaan ng father at mother ni Gazini.
Nice to hear it from you Gazini.

@@@

**BUMUBUHOS PA RIN**

Up to now ay bumubuhos pa rin ang natatanggap na pagbati nina Megan Young at Mikael Daez.
Kaugnay ito ng kanilang pagpapakasal sa pamamagitan ng church ceremony.
Sinasabing sa Subic, Zambales ginanap ang pagiisang dibdib na dinaluhan ng pamilya nila at ilang malalapit na kaibigan.
Napapanahon na rin naman para sa pagpapakasal dahil si lalaki ay 32-anyos na habang si babae ay 29.
Naglalaro sa siyam na taon ang pagiging magkasintahan ng dalawa at year 2017 nang ilahad sa publiko ang kanilang relasyon.
Kapatid ni Megan ang kagaya rin niyang actress at model na si Lauren Young.
Si Megan din ang pinakaunang nakapagbigay sa bansa ng Miss World crown noong 2013.

@@@

**2017 MS UNIVERSE, ITINALI NA RIN**

Mga beauty queen din lang naman ang ating napapagusapan ay isama na natin si 2017 Miss Universe Demi-Leigh Nel-Peters.
Ikinasal na din siya kay ex-NFL quarterback Tim Tebow nitong Enero19 sa La Paris Estate sa Cape Town, South Africa.
Tinanghal si Demi-Leigh 2017 Miss Universe at noong Disyembre 2018 ay ipinasa niya ang korona kay Catriona Gray.
Sa Pilipinas naman isinilang si Tim at ang kanyang magulang ay nagsilbing missionaries sa Christian Baptist.



## HANEP SHOWBIZ



## IISA... IKAW AT AKO

Sa panulat ni Kuya Arman

### (Ika-46 labas)

**LABIS-LABIS** ang pagkakabigla ni Jane, hindi talaga alam ang isasagot.
Sukul na sukol si Jane at alam niya kung papaano magalit ang kanyang daddy.
"Umalis na nga ako agad nang malaman kong wala kaming prof sa last subject."
"Nagpunta ako ng mall at meron akong binili pero 'nung nakabili na ako naghihintay ako ng text o tawag mo."
"Umistambay muna ako ng mall kasi kung kokontak ka sasabihin kong nasa mall ako."
"Wala kang kontak kaya minabuti kong umuwi na lamang pero ako lang mag-isa at wala akong kasama kahit sino man sa mga kaklase ko."
Nagpapaliwanag si Jane pero ngatog ang kanyang buong katawan.
Umaasa na lamang si Jane na papasa sa kanyang daddy ang alibi niya.
"Nasaan na ang resibo?"
Habang nagpapaliwanag ay inilabas ni Jane ang isang plastic na may lamang stockings.
Sinabi niyang bagong bili lamang ang stockings subalit magaling talaga ang daddy niya.
Hinahanap ng kanyang daddy ang resibo para malaman kung nang araw na iyon nga binili iyon ni Jane.
Naka-stapler pa ang plastic at talaga namang bagong bili ang stockings.
Pero hindi 'nung araw na iyon at nabili ni Jane ang ang stcokings ilang araw na ang nakakalipas.
"Teka at hahanapin ko 'dun sa trash can kasi naitapon ko na ang resibo."
"Bubuksan ko na nga sana at isusukat ang stockings pero bigla kang dumating."
Humakbang si Jane patungo sa kinalalagyan ng trash can para hanapin ang resibo.
"Ha! Ano ba naman 'yan at bigla-bigla naman. Oh sige…sige na at darating ako."
Wala naman talaga sa basurahan ang resibo pero kunwari ay naghahanap si Jane.
Mukhang umaayon ang pagkakataon kay Jane dahil biglang tumunog ang cp ng kanyang daddy.
Habang kunwari ay naghahalukay sa trash can ay naririnig ni Jane ang daddy niya habang may kausap sa cp.
Lusot si Jane dahil sinabihan siya ng kanyang daddy na aalis muna at babalik na lang.
Pero hindi sinabi ng kanyang daddy kung kailan babalik pero ang mahalaga ay nakalusot si Jane.
Pagkaalis ng daddy ay muling naghalukay si Jane pero hindi na sa basurahan.
Ang bag ang hinalukay ni Jane para doon hanapin ang resibo ng stockings.
**(Sundan)**

## "TANIM SA TIYAN"

NOBELA NI ATE JOSIE

### (36)

**"AKO** nga po ito, nanibago po kayo ano? Mas lalo akong naging macho at gwapo."
Mag-iisang taon sa pamamalagi sa probinsiya nina Alex nang magpasyang bumalik si Allan sa kanyang magulang.
Hindi halos nakilala ng kanyang mommy at daddy si Allan dahil talaga namang napakalaki ng pinagbago nito.
"Patawarin po ninyo ako sa ginawa kong paglalayas, pangako 'di na po mauulit 'yun."
Hindi naman nagpakita ng galit sa halip ay inunawa na lamang siya ng kanyang magulang.
Masaya ang kanyang magulang dahil ang mahalaga para sa kanila ay maayos ang anak nila.
"Papasok na po ako sa pasukang darating, mag-eenrol na po ako at sisikaping makapagtapos ng pag-aaral."
Natuwa naman ang mommy at daddy ni Allan na nakitaan ng senseridad ang anak nila.
Tinanong ng magulang kung anong kurso at sinagot ni Allan na engeneering ang kanyang kukunin.
"Sigurado ka na ba sa course na 'yan? Sige at alamin mo kung magkano ang tuition para mabigyan ka namin."
Palibhasa ay mayroong kaya sa buhay at madali para kay Allan ang makapagkolehiyo.
Hindi kagaya ng kanyang kaibigan na si Alex na naiwan pa sa probinsiya.
Naaawa rin si Allan para sa kaibigan lalo at alam niyang nais din naman ni Alex na makapagtapos ng kolehiyo.
Iyon nga lamang ay talagang kapos sa pinansiyal sina Alex kaya nga mamumuhay muna sa probinsiya ang kanyang kaibigan.
"Kumusta naman ang naging lagay o buhay mo sa probinsiya ha?"
Habang kumakain sila ay panay ang tanong ng kanyang magulang.
Nagkukuwento naman si Allan subalit puro magaganda lamang ang sinasabi niya.
Ang karanasang hindi malilimutan sa lalawigang iyon ay minabuti ni Allan na sarilinin na lamang.
"Labintatlong maliliit na pirasong kahoy… Paano kang itinanim sa tiyan ko?"
**(Tatapusin)**

## HAVE A FUN RIDE ON PURPLE BEETLE SM CITY DASMARINAS




Café now-a-days are developing here and there, and some are just the same as the others. Competition is getting tough and is getting complicated. One must stand above the rest and be different. **PURPLE BEETLE** with its new experience and Instagram-worthy corners will surely rise above all. They serve not only great food but as well as fun and art-filled ambiance. Visit its new store located at the lower ground floor of **SM City Dasmariñas.**

## SUMO MEAT ALL-YOU-CAN AT SM CITY DASMARINAS




**Sumo Niku** is a Japanese eat all-you-can grill. "Sumo" means wrestling, Japan's official sport, but in English, the word could be mean "supreme or great" when referring to quality, and "large amounts" when referring to quantity. "Niku" is meat, and true to its name, Sumo Niku offers unlimited meat selections of beef, pork, and chicken. Try its new branch at the upper ground floor of **SM City Dasmariñas.**

## REFRESH AND DETOX AT MA'S CALAMANSI FRESHNESS – SM CITY BACOOR!




**SM CITY BACOOR, CAVITE** – Freshen up your day with SM City Bacoor's newest store, Ma's Calamansi Freshness! Go local and enjoy sipping their fresh calamansi juice served hot or ice cold. Detox with its all-natural ingredient and boost your immune system by refilling your body with Vitamin C especially in this season. So grab your fresh drink at Ma's Calamansi Freshness located at the 2nd level of SM City Bacoor.

## MR.TENTACLES, NOW SERVING AT SM CITY BACOOR FOODCOURT




**SM CITY BACOOR, CAVITE -** The first to bring real Takoyaki in the Philippines is here! Mr.Tentacles offers the goodness and freshness of a real baby octopus Takoyaki, served with their favorite original and spicy sauce we always love. Try also their Ebiyaki Takoyaki with a mix of whole shrimp and quail egg and find yourself craving for more! If you already knew how tasty and mouthwatering their two main flavors are, then you wouldn't want to miss their Overload Takoyaki with Baby Octopus, Crab, and Shrimp – all together in one unforgettable Takoyaki! So hurry and bring your friends and family to SM City Bacoor's Foodcourt located at the 4th Level, and enjoy your oozing oishi foodtrip!

## LYDIA'S LECHON, YOUR ALL TIME FAVORITE AT SM CITY BACOOR FOODCOURT




**SM CITY BACOOR, CAVITE** – Lechon lover? What's not to love with the Crispy roasted skin and tasty lechon meat of Lydia's Lechon? Come with your family and enjoy their Espesyal Lechon, which you can get in half kilo and ¼-kilo order, not forgetting the rice because it's the perfect partner! Have a quick lechon meal with their famous pinakbet, chopseuy, kare-kare and dinuguan. You may also enjoy bigger portions of theur Pinakbet, beef kare-kare, and their Sinigang na Salmon Head. You can also try their Barkada Summer Deals for a more affordable yet tasty dining experience! So hurry and don't miss their deals! Visit Lydia's Lechon at SM City Bacoor Foodcourt located at the 4th Level.

# MAMBA FOREVER! SM CITY BACOOR PAYS TRIBUTE TO THE BLACK MAMBA

**SM CITY BACOOR, CAVITE** – In honor of the legend Black Mamba, SM City Bacoor paid tribute for Kobe Bryant, whose life was claimed in a helicopter crash last Sunday, January 26, 2020 at Calabasas, California. The world is still in shock after the tragic accident, which also took the life Kobe's daughter Gianna Bryant, Orange Coast College baseball coach John Atobelli, wife Keri and Daughter Alyssa, Christina Mauser, an assistant girls basketball coach, Sarah Chester and her daughter, Payton, and pilot Ara Zobayan.

Known for his twenty seasons career all in the Lakers, the 18-time All-Star and 2008 MVP who teamed with Shaquille O'Neal in winning three consecutive NBA titles from 2000-2002 and later won two more in 2009 and 2010, retired last 2016 and focused on his family, and coaching her daughters team. As an expression of our love to the Black Mamba, and support to the grieving family Kobe and Gigi Bryant left behind, everyone is invited to visit SM City Bacoor's Activity Center at the lower ground floor to freely write your message to the great basketball legend. Let the the Black Mamba Legend live on. #MambaForever



# SC REMANDS REYES BBQ DISPUTE CASE TO QC COURT

**MANILA -- The Supreme Court (SC) remanded the case involving a dispute between the brothers behind the Reyes Barbecue restaurants to a lower court.**

In an eight-page resolution dated Nov. 13, 2019, and released Wednesday, the Court's Third Division reinstated the civil case and remanded it to the Quezon City Regional Trial Court (RTC) Branch 216, to conduct an accounting of the profits of the barbecue franchising business.

The lower court was also directed to determine the portion of the profits derived from the franchising business of Reyes Barbecue that may be attributed to the contributions made by the brothers; and the portion of the profits derived from the franchising business of Reyes Barbecue that may be attributed only to Francisco Reyes, one of the brothers.

In remanding the case, the SC also ruled that a partnership was created between the brothers-owners of the franchising business despite its non-registration with the Securities and Exchange Commission (SEC).

The Court noted and considered that numerous franchises were opened through the contributions of Francisco's brothers -- Adolfo, Ramon, and Carlos.

In 1992, Francisco, after working at the Aristocrat Restaurant, thought of putting up his own restaurant and franchising business. He established Reyes Barbecue in 2002 and registered it as a sole proprietorship. In 2005, he filed an application for registration of the trademark "Reyes Barbecue".

In 2005, Francisco offered his brothers to form a partnership for the franchising arm of Reyes Barbecue as he needed capital for business expansion. Adolfo and Carlos each contributed PHP100,000 in exchange for a 24 percent and 15 percent share, respectively, while Ramon contributed a desktop computer valued at PHP39,000 for a 25 percent share.

For Francisco, it was agreed that his contribution will be the Reyes Barbecue trademark registered in his name.

Francisco denied having proposed a business partnership with his brothers and insisted that he and his wife Carolina Inez Angela Reyes, his co-petitioner, conceptualized the business on their own; and that the intent, from the start, was to form a franchising corporation with his brothers and not a partnership.

Francisco further alleged that the contributions of his brothers were really subscription payments to the franchising corporation.

Francisco further claimed that he abandoned the plan to form a franchising corporation when he discovered that the Reyes Barbecue trademark had been fraudulently transferred to an employee of his nephew, lawyer Adolfo Reyes II.

In 2008, Adolfo, Carlos, and Ramon, through a counsel, sent a demand letter calling for an accounting of the business to determine any share in the profits that may be due them. They then filed a complaint for damages.

"Although the registration of the franchising arm of Reyes Barbecue did not materialize, numerous franchises were opened through the contributions of all the Reyes brothers. Thus, a partnership for the franchising business of Reyes Barbecue was created," the Court held. **(PNA)**

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,
-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-332-19**

**ROWENA B. SACAREZ** married to
**ALBERTO G. SACAREZ,**
Mortgagor/s,
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, with business address at the petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Ave., Makati City against the Mortgagor/s **ROWENA B. SACAREZ married to ALBERTO G. SACAREZ**, with residence and postal address at Lot 10, Blk. 11, St. Joseph Homes, Inocencio, Trece City, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of November 18, 2019 amounts to **TWO MILLION ONE HUNDRED NINETY SEVEN THOUSAND SIX HUNDRED SIXTY PESOS and 69/100 (P 2,197,660.69),** Philippine Currency, including interest and penalty charges as of said date but excluding all the other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **April 9, 2020** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 077-2015001381**

A parcel of land (Lot 10 of the cons and subd. plan, Pcs-04-016357, being a portion of the cons of Lots 1-43, Blk.11, Pcs-04-011578, LRC Rec. No. 68 32) situated in the Bo. of Inocencio, Trece Martires City, Prov. of Cavite, Is. Of Luzon. Bounded on the NE., along line 1-2 by Lot 12 of the cons & subd. Plan., on the SE.,along lines 2-3-4 by RD. Lot 12, Pcs-04-011578; on the SW., along line 4-5 by Lot 8; & on the NW., along lines 5-6-1 by Lot 9, both of the cons & subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan **x x x containing an area of SEVENTY FIVE (75) SQ. METERS x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **April 16, 2020** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, **January 23, 2020**

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**CRISTINA A. ESTEPA**
The Petron Mega Plaza Building
No. 358 Sen. Gil Puyat Ave., Makati City

**ATTY. CAESAR S. EUROPA**
24K Accounts Consultant, Inc.
3F Fass Intelli College Bldg.
No. 11 Pittsburgh St., Brgy. Silangan Cubao, Quezon City

**ROWENA & ALBERTO SACAREZ**
Lot 10, Blk. 11, St. Joseph Homes
Brgy. Inocencio, Trece Martires City, Cavite

**WARNING**: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

**Publication: HANEP** January 27, February 3 and 10, 2020

---

## DEED OF EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH SALE

**NOTICE** is hereby given to the public that the late **VICTORIA F. DAVID**, who died intestate on August 21, 2017 in San Fernando, Pampanga without leaving any debt to any person. That the said deceased died intestate left as her estate a parcel of land situated at Barangay Sta. Isabel, Kawit, Cavite identified as **Lot No. 2, Psu-04-009211 declared under Tax Declaration No. 11 0009 00208** and which parcel of land is more particularly described as follows: "A parcel of residential land located at Sta. Isabel, Kawit, Cavite. Bounded on the North E. by Lot Nos.1 & 2; on the East by Hrs. of Esperanza Vales; on the South W. by Lot No. 3; and on the West by Lot No. 10 (Right of Way). Containing an area of 138 Square Meters."

**NOW, THEREFORE,** the following; **GERTRUDO M. DAVID,** (Husband) **MARK CHRISTIAN F. DAVID**, (Son) and **PAUL MICHAEL F. DAVID** (Son) are the sole and exclusive legal heirs divide, partition and adjudicate among themselves the above-mentioned estate of the decedent in pro-indiviso equal shares pursuant to Section 1, Rule 74 of the Revised Rules of Court. The said following sole and exclusive legal heirs do hereby **SELL, TRANSFER and CONVEY**, by way of absolute sale, the sum of **TWO HUNDRED THOUSAND PESOS (Php 200,000.00)**, Philippine Currency, the above-described parcel of land, to **ROSALIE OLAES MERIN**; of legal age, married to Elpidio M. Merin, Filipino, and with residence at 274 Sta. Isabel, Kawit, Cavite; her heirs, successor and assigns, free from all liens and encumbrances. The property involved herein having not been previously registered under Act 496, otherwise known as the Land Registration Act, the parties hereto have agreed to record this instrument meanwhile under the provisions of Act 3344, as amended by Sec. 113 of P.D. 1529. All taxes, fees and costs for the transfer of the above-mentioned property to the name of herein vendee shall be for the latter's exclusive account and responsibility. This Deed of Extrajudicial Settlement of Estate With Sale involving one (1) parcel of land covered by Tax Declaration No. 11 0009 00208 signed by the heirs-vendors, the vendee, the vendee's husband and their instrumental witnesses thereof , with Notary public Atty. **MANOLO E. LAZARO**, Doc. 350, Page No. 71, Book No. 55, Series of 2020.

**Publication: HANEP** February 3, 10 & 17, 2020

---




## GOOD BOSS, RUMEMATE!

Sa pambungad na takbuhan na ginanap sa karerahan ng Santa Ana Park Naic, Cavite ay maayos na nakaremate ang kabayong si Good Boss na sinakyan ng hineteng si Rod Adona, at dahil sa lakas ng kanilang pagremate ay tinalo nila ang nakabandera na sanang si Expensive na dala ni Jomer Estorque. Sa takbuhang iyan ay medyo naantala lamang ang nakalaban nilang sina Apo Ni Rhea at Believable. Sa sumunod na karera ay nakadehado naman ang kalahok na si Shalom na bumanderang tapos sa kamay ni Onald Baldonido, sumegundo sa kanila ang sakay ni Dunoy Raquel Jr. na si Daldalero. Sa pangatlong takbuhan ay naka iskor na ng panalo si Dunoy Raquel Jr. sa ibabaw ng kabayong si Senior Lucas, na talaga namang parehas na nagpakita ng galing at tikas upang hindi makalagpas ang kanilang mga nakalaban sa huling diretsahan hanggang sa makatawid sa meta. Sa ika-apat na takbuhan ay nanalo ang kabayong si Hardliner at masasabing mainam talagang manakbo kapag naipupuwesto sa gawing labas si kabayo o maski sa gitna basta walang kalaban na tatapal o makakatabi sa kanan nila gaya ng ipinakita ng gumabay sa kanya na si Ryan Base. Eksaktong bitaw naman ang ginawa ng hineteng si Jomel Lazaro sa kabayong si Gee's Delight upang biguin ang magkakuwadra na sina Grand Villa at Dalagang Bukid, sa takbuhang iyan ay naantala sa may tabing balya si Constitution. Nanalo naman ng may apat na kabayong layo ang kabayong si All Heart na umektad pa pagsungaw sa rektahan kaya wala nang nagawa pa sina Believe Me at Sunday Suprise. Humakot din ng benta sa takbuhang iyan si North Wind na sinakyan ni Dunoy Raquel Jr. subalit medyo kinulang pa rin. Sa pinakahuling takbuhan naman ay nagwagi si Stone Ladder na pinaremate ng mabuti ni Rizaldy Poblacion, tinalo nila sina Dimakya Island at Put Atigerinurtank.

# HANEP
*Basahin Mo Ito!*

## TAMANG HINALA SI LALAKI, DINALE NG JUNGLE BOLO NI BABAE

**ISANG 35-anyos na lalaki ang pinagtataga ng kanyang live-in partner na nabuwisit matapos na paghinalaan ng una na may pinapatulog na ibang lalaki ang huli sa kanilang bahay sa Bacoor City, Cavite.**

Sinusulat ito ay kritikal at ginagamot sa South East Asian Medical Center ang biktimang si Cresencio Origenes, construction worker, matapos pagtatagain ng jungle bolo ng kanyang live in partner na si Analyn Carillo, 34, kapwa residente ng Mahogany St., Villa Esperanza Annex Molino II, Bacoor City.

Sa ulat ni Corporal Christian Jovita, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-6:00 ng umaga nang naganap ang insidente kung saan dumating umano ang biktima mula sa trabaho at sinita ang kanyang live-in partner.

"Pinaghihinalaan kasi niya ang kanyang live-in partner na may pinapatulog na lalaki sa kanilang bahay tuwing may trabaho siya," ayon kay Jovita.

Dahil dito, nagkaroon ng mainitang pagtatalo ang dalawa at sa galit ng babae ay kinuha ang jungle bolo at pinagtataga ang lalaki.

Isinugod ang biktima sa ospital dahil sa mga taga sa katawan kabilang ang isang fatal sa kanyang leeg habang ang babae ay kasalukuyang nakakulong sa Bacoor City Custodial Center. **GENE ADSUARA**

## China cruise ships sa Maynila, ligtas sa 2019-nCoV – PCG

Ligtas ang dalawang vessel mula China sa novel coronavirus.

Ito naman ang tiniyak ng Bureau of Quarantine matapos magsagawa ng inspeksyon sa dalawang barko.

Saad ng Philippine Coast Guard (PCG) nagmula ang "World Dream Cruise Ship," sa Hong Kong habang ang "MV Ligulao," naman ay nagmula sa Jiangsu, China.

Dumaong anila ang dalawang barko noong January 28 sa Pier 15, South Harbor sa Maynila. **(leonard basilio)**

## Milyong halaga ng 'damo' inabandano sa bakanteng lote

**TINATAYANG** mahigit sa P1milyon na halaga ng pinatuyong dahon ng marijuana ang nadiskubre sa isang bakanteng lote sa Silang, Cavite.

Sa ulat ni PMSgt Robert Dimailig, ng Silang Municipal Police Station, dakong alas-5:00 ng hapon nang nadiskubre ang mahigit sa 34 na bultu-bultong pinatuyong dahon ng marijuana sa isang bakanteng lote sa Brgy Lalaan Ist na pagmamay-ari ng Cathay land.

Nauna rito, nakatanggap ng tawag ang Silang MPS mula kay Chairman Romeo Toledo ng Brgy Lalaan hinggil sa iniwang bultu-bultong pinatuyong dahon ng marjuana sa isang bakanteng lote.

Nang puntahan ay nadiskubre ang tinatayang 34 kilo ng pinatuyong dahon ng marijuana na may street value na P1,200,000.

Inaalam pa ng Silang police kung sino at paano napunta ang mga bloke-blokeng dahon ng marijuana sa naturang lugar. **GENE ADSUARA**

## Manila Sec to the Mayor kasado na cyber libel vs lokal na foundation at ilang media

**MAHIGPIT** na inatasan ni Manila Secretary to the Mayor Bernie Ang ang kanyang legal team upang agarang sampahan ng cyber libel case ang isang miyembro ng local foundation at ilang mamamahayag dahil sa malisyosong pagdawit sa kanya sa isang multi milyon estafa case.

Ang pagsasampa ng kaso ni Ang ay kasunod ng hakbang ng World Medical Relief Inc. (WMRI), isang 67 anyos na charity organization na nakabase sa Michigan, USA, na magsasampa rin n katulad na kaso laban kay William J. Lima, dating miyembro ng Board of Trustee ng WMR-Philippine National Business and Coordination Center Foundation Inc. (PNBCCFI).

May kaugnayan ang pagsasampa nila ng kaso sa isang artikulo na nanira sa karangalan ng philanthropic mission ng WMRI sa Pilipinas.

Itinanggi ni Ang at WMRI President at Chief Executive Officer George Samson ang alegasyon na nagtatapon sila ng medical wastes sa Pilipinas o sa ibang panig ng mundo o kaya ay nagkakaloob sila ng gamot ng walang kaukulang permiso sa US regulatory offices.

Ayon kay Samson na ang dahilan kung nakipag koordinasyon ang WMRI ay para lamang makatulong sa Pilipinas,kung saan si Lima, David Lee Zarate, Ang at dalawang iba ay nag organisa at inirehisto ito bilang non- stock, nonprofit corporation sa ilalim ng WMR-Philippine National Business and Coordination Center Foundation Inc (WMR-PNBCCFI), kung saan sila ay naging miyembro ng board of trustees.

Nabatid na noong Mayo 24,2018 ,nagkaroon ng Memorandum of agreement (MOA) sa pagitan ng WMR na kinatawan ni Samson bilang President/ CEO at World Medical Relief-Philippines National Business Coordination Center Foundation, Inc. (WMR-PNBCCFI), na kinatawan ni Lima, bilang miyembro ng Board of Trustees at Ang.

Nang hindi magkaroon ng katuparan ag MOA, sinabi ni Zarate , hiniling ni Lima na mamagitan si Ang na ang natural na karakter ay isang peacemaker kung saan pinayuhan niya si Zarate na mag refund para na rin sa magandang relasyon nito kay Lima.

Sinabi ni Ang na hindi makatwiran na idamay si Ang sa kaso dahil hindi naman siya kasama sa anumang transaksiyon ni Zarate at Lima.

'The only involvement of Ang was to intercede at Lima's request for a refund. .. instead of showing gratitude, Lima unfairly imputed wrongdoing to the former Councilor,' ayon kay Zarate.

Sinabi ni Ang na sinira ng Mindanao Mirror sa ipinalabas nilang artikulo noong Enero 12,2020 na ang NBI ay magsasampa sa Department of Justice ng multi million estafa case laban kay Ang at dalawang iba pa.

Sinabi ni Ang, ang WMRI ay nakapagbigay na ng hindi mabilang na medical assistance at nakapag donate na ng mga medical equipment at supplies sa iba't ibang pagamutan sa bansa.

**(BRIAN BILASANO)**




**NAGING** panauhing pandangal at tagapagsalita si Manila Mayor Fransisco Isko Moreno Domagoso sa pagdiriwang ng ika -119 anibersaryo ng Manila Police District, na kasalukuyang nasa liderato ni Bdgr. Gen Bernabe Balba bilang director. Pinasalamatan ng alkalde ang MPD sa pagpapanatili ng kaayusan at kapanatagan sa lungsod. **CHRISTIAN HERAMIS**

# KALIBRE



**ROMY SANTOS**
**0977-7844136**

## Pag-aaral ni Gov. Fernando

**MAGKAROON** sana ng magandang kasagutan o katuparan ang ginagawang pag-aaral ni Bulacan Governor Daniel Fernando.

Ito ay may kaugnayan sa patuloy na lumalalang paglaganap ng krimen na riding-in-tandem ang kadalasang nasasangkot.

Pagpapakita at patunay na mayroong tunay na malasakit ang butihing gobernador sa mga gumagamit o nagmamaneho ng motorsiklo.

Nauunawaan ni Gov. Fernando ang kahalagahan ng single motorcycle bilang isa sa pangunahing pamamaraan ng transportasyon.

Ginagamit sa hanapbuhay o pagpasok sa trabaho, panghatid at sundo ng mga estudyante sa eskuwelahan, pamimili at iba pang gamit ng motor.

Kaya naman ayaw niyang madamay ang mga gumagamit ng motor sa wasto o legal na pamamaraan.

Isang malaking katanungan ay kung paano masusugpo o mapipigilan ang mga gumagamit ng motorsiklo sa kasamaan?

Nakasentro sa ngayon ang pamahalaang panlalawigan sa problema sa riding-in-tandem.

Katuwang siyempre rito higit sa lahat ang kapulisan at iba pang sangay ng pamahalaan.

Humihingi rin ng ayuda o suhestiyon si Gov. maging sa indibidwal o concerned groups.

'Ika nga ay mas mainam ang opinyon ng nakararami upang mas makabuo ng epektibong solusyon.

Kayong mga residente ng Bulacan, tulungan po ninyo ang gobernador sa pamamagitan ng inyong mungkahi.

Marahil kahit sino o maging saan mang lugar ay maaari tayong magpahatid ng ating suhestiyon.

Kayo po, baka mayroon kayong maitutulong.